Ang Mainit na Panahon at iyong mga Alaga

Orihinal ni Sherry Woodard - BestFriends Animal Society
Isinalin sa Filipino ni Janine Camille Vargas - Volunteer ng Philippine Animal Rescue Team (PART)/Phoenix Legacy of Compassion

Mga Aso

Isa sa mga pinaka-nakamamatay na pagkakamali na maaaring magawa ng mga tao ay iwanan ang aso sa loob ng sasakyan sa mainit na panahon. Di tulad ng mga tao, hindi pinapawisan ang mga aso para magpalamig sa pamamagitan ng ebaporasyon Kung ang hangin na hinihinga nila ay masyadong mainit (gaya ng kapag nasa nakaparadang sasakyan sa mainit na panahon), hindi masyadong nakakapagpalamig Maraming tao ang nag-aakala na magiging maayos ang kanilang aso kung iiwan nilang nakabukas ang mga bintana, pero kahit na nakabukas ang mga bintana,

Ang iyong alaga ay maaaring mamatay dahil lamang sa ilang minutong nasa loob sila ng isang napaka-init na sasakyan.

Huwag na huwag mong isakay ang iyong aso sa isang likod ng pickup truck. Mas delikado ito kapag mainit ang panahon, bilang ang likod ng mga truck ay madalas na maitim ang kulay, at ito ay nag-iinit nang lubusan. Kung maaari lang ay iwan ninyo ang inyong mga alaga sa bahay kapag mainit ang panahon.

Ang sobrang pagbilad sa init ay nagdudulot ng maraming sintomas na tulad sa mga sintomas ng shock. Makikita mo ang mga sumusunod: mababaw na paghinga, panghihina, at sobrang taas ng temperatura ng katawan. Palamigan ang alaga agad-agad sa pamamagitan ng pag-spray sa kanyan ng presko (hindi malamig) na tubig, at pagbalot sa kanya sa presko at mamasa-masang tuwalya. Dahil sa maraming problemang dulot ng mataas ng temperatura ng katawan, humingi agad ng tulong mula sa isang propesyonal.

Kung nilalakad mo ang iyong aso na nakatali, laging isipin na maaaring uminit nang lubusan ang aspalto kapag tag-init. Sa katunayan, maaaring maging sobrang init nito na nakakapaso sa paa ng mga aso, at ito ay magdudulot ng sakit sa kanya ng ilang araw. Bago ilabas ang iyong aso, tingnan muna ang sahig kung gaano ito

kainit gamit ang iyong sariling kamay o paa (na nakayapak). Kung hindi mo kayang iwan ang iyong kamay (o paa) sa sahig sa higit pa ng tatlong segundo, malamang ay masyadong mainit ito para sa iyong aso. Kung ikaw ay mayroong matanda o sobra sa timbang na aso, mas mabuti siguro na maglakad lang sa labas nang mabilis sa umaga o sa gabi, kapag hindi na masyadong mainit.

Mahalaga ang pagbibigay ng tubig sa iyong aso, pero ito ay lubos na mahalaga kapag mainit ang panahon. Kung ang aso mo ay nasa loob ng bahay kapag may araw, siguraduhing bigyan siya ng bago at malamig na tubig na nakatabi sa lugar na may lilim buong araw, bilang umiinit ang tubig dahil sa araw na nakakapasok galing sa bintana.

Kung ang aso mo ay nasa labas ng bahay kapag may araw, siguraduhing ang inuman niya ay wala sa lugar na madaling masagi at mataob. Maaaring itaob ng mga aso ang mga inuman nila para makagawa ng malamig na pwesto para higaan. Kung kailangan, bumili ng inuman na hindi natataob. Siguraduhin din na mayroon siyang malilim na pwesto kung saan siya maaaring magtago mula sa init ng araw. Ang mga kiddie pool ay isang magandang paraan para bigyan ang mga aso ng kanilang sariling lugar kung saan maaari silang maglaro sa tubig.

Ang pag-groom sa mga aso, kahit na maikli ang buhok, ay nakakatulong para maging comportable sila kapag nagpalit ang panahon. Ang natural na balahibo ng mga aso na na-groom ay nagbibigay ng proteksyon mula sa sunburn at nagsisilbi ito bilang insulasyon. Matatanggal ang proteksyon na ito kapag inahit ang balahibo nila. Kung ginupitan mo ng balahibo ang iyong aso para sa tag-init, maaaring kailanganin nila ng sunscreen.

Mga Pusa

Ang mga pusa rin syempre ay kailangan ng maraming malamig na tubig kapag mainit ang panahon. Ang mga puting pusa ay maaaring ma-sunburn kapag nabilad sila sa araw nang masyadong matagal. Kahit na sila ay mga pusang bahay, maaari silang ma-sunburn sa maaraw na bintana.

Mga Kuneho

Ang mga kuneho ay maari ring sobrang maapektuhan ng mga malubhang temperatura. Para ma-kontrol ang temperatura ng kanilang kaligiran at para maprotektahan sila mula sa mga maninila, kailangang iwan sa loob ng bahay ang mga kuneho. Ang temperatura sa bahay nila ay hindi dapat mas mababa sa 60 o mas mataas sa 75 na grado. Maaaring magka-heatstroke ang mga kuneho sa 80 na grado.